Katotohanang si Allah-Pagkataas-taas Niya-ay magwiwika sa Araw ng Pagkabuhay:Nasaan ang mga nagmamahalan sa Kadakilaan Ko?Sa araw na ito ay pasisilungin ko sila sa Aking Silong,Araw na Walang masisilungan maliban sa Silong Ko

Ayon kay Abē Hurayrah malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu-((Katotohanang si Allah-Pagkataas-taas Niya-ay magwiwika sa Araw ng Pagkabuhay:Nasaan ang mga nagmamahalan sa Kadakilaan Ko?Sa araw na ito ay pasisilungin ko sila sa Aking Silong,Araw na Walang masisilungan maliban sa Silong Ko))
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Tinatawag ni Allah -Kapita-pitagan Siya sa Kataas taasan Niya sa Araw ng Pagkabuhay sa Sitwasyon ng mga tao,Sinasabi Niya:(Nasaan ang mga nagmamahalan sa Kadakilaan Ko?) At ang tanong sa kanila ay may kaakibat na kaalaman Niya sa lugar nila at liban dito mula sa mga kalagayan nila,upang tawagin sa kainaman nila sa sitwasyon na yaon,at hinahayag Niya ito upang ipahayag ang Kadakilaan Niya, At ang kahulugan nito; Nasaan ang mga nagmahalan sa Kadakilaan ko at Kaluwalhatian Ko,Walang ibang layunin liban pa dito mula sa makamundong [bagay] o tulad pa nito,Pagkatapos ay Sinabi Niya -Pagkataas taas Niya:((Sa Araw na ito ay pasisilungin Ko sila sa Aking silong))At ang Pag-uugnay ng Silong sa Kanya Pagkataas-taas Niya, ay pag-uugnay sa Kabanalan Niya,At ang tinutukoy dito ay ang Silong ng Trono,at dumating liban sa naisalaysay ni Imam Muslim " Silong ng Trono Ko" (Araw na Walang masisilungan maliban sa Silong ko))ibig sabihin ay;Walang matatagpuan sa araw na yaon na silong maliban sa Silong ng Trono ni Allah [Ang Mahabagin

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3369